

## Mga panibagong pagpabuti ukol sa inyong kaligtasan ang darating sa Rainier Ave S

Spring 2018

### PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROYEKTO

Noong 2014, inilunsad namin ang Proyekto ukol sa mga pagsasaayos ng mga daanan sa Rainier Ave S (Rainier Ave S Corridor Improvements Project) upang pag-aralan ang mga kalagayan ng kaligtasan sa mga daanan ng Rainier Avenue S sa pagitan ng S Alaska St at S Henderson St. Layunin namin ang mga sumusunod:

- Bawasan ang karaniwang bilis ng takbo ng mga sasakyan at mga insidente ng napakabilis na pagpapatakbo ng sasakyan.
- Bawasan ang bilang ng matiniding pinsala o mga nakamamatay na banggaan.
- Pagpapabuti ng mga interseksyon
- Mapanatili ang mahusay at maaasahang serbisyo ng mga bus

Ang proyektong ito ay bahagi ng programang Vision Zero ng Seattle upang maabot ang hangaring mawala ang bilang ng mga nasasawi sa mga aksidente sa kalsada o mga matitinding kapahamakan pagdating ng taong 2030. Pinag-aralan namin ang proyektong ito kaakibat ang RapidRide Rainier upang mapanatili ang maayos at maaasahang serbisyo ng mga bus habang pinagpapabuti ang kaligtasan sa kabuuan ng Rainier Ave S.

### MGA DARATING NA PAGSASAAYOS

Noong 2015, natapos namin ang Unang Bahagi ng proyektong ito nang isinaayos namin ang disenyo ng Rainier Ave S sa pagitan ng S Alaska St at S Kenny St mula sa apat, ginawang tatlo na lang ang daanan ng sasakyan. Nitong 2017, hiniling namin ang inyong opinion sa dalawang potensyal na disenyo para sa Ikalawang Bahagi ng proyektong ito – mula sa S Kenny St hanggang sa S Henderson St. Ang dalawang pangkaraniwang tema na narinig namin mula sa inyo ay ang suporta para sa mga daanan ng mga liliko sa mula gitna at ang pangangailangan ng mas madalas at maaasahang serbisyo ng Metro Route 7.

Matapos pag-aralan ang mga opinyon ng komunidad, pakikipagtulungan kasama ang aming mga kasamahan sa King County Metro Transit, at traffic modeling, aming inirerekomenda ang pagpapatupad ng Alternative 1



Ngayon



Matapos ang konstruksiyon (fall 2018)

mula sa S Kenny St hanggang S Henderson St. Ang alternatibong ito ay maaaring magawa simula sa panahon ng fall ngayong 2018\*.


Isinaalang-alang din namin ang mga pagbabago sa interseksyon ng S Henderson St. Dahil sa mga kable ng bus, kumplikado ang kalagayan sa lugar na ito, gagamitin namin ang susunod na taon at kalahati upang trabahuhin ang disenyo at alamin ang mga panggagalingan ng pondo upang magawa ang mga pagsasaayos kasama ang proyektong RapidRide Rainier project.

\*Maaari pang mabago ang schedule

## ANO ANG AASAHAN SA PANAHOON NG KONSTRUKSIYON

Ang konstruksiyon ay inaasahang magagawa sa taong ito (Fall 2018)\* at malamang na gagawin sa ilang mga sabado at linggo. Ang pagtanggap ng mga linya sa kalsada ay gagawin sa gabi habang ang pagpipuntura at pagsasaayos ng mga ilaw-trapiko ay gagawin tuwing araw. Sisikapin naming pababain ang epekto nito sa publiko sa abot ng aming makakaya at walang pagbabago sa mga daanan ang inaasahan. Tignan ang inyong mga lagayan ng sulat ngayong darating na summer para sa karagdagang impormasyon.

## INIREKOMENDANG ALTERNATIBO



Paradahan Daanan Daanan ng Daanan Daanan ng Bus  
ng sasakyan mga liliko sa ng sasakyan (ok lamang  
gitna kung kakanan)

Ang mga Vision Zero Improvements (nakatingin sa hilaga) ay maaaring masimulan sa Fall 2018\* mula sa S Kenny St – S Henderson St.

Ang proyektong RapidRide Rainier ay gagawa ng mga bagong istasyon at maaaring magsaayos rin ng mga pagpapabuting-sibil. Patuloy naming binabantayan ang kalye at maaring gumawa kami ng mga karagdagang pagbabago kung sa aming palagay ay angkop ito.

## IMPORMASYON AT KONTAK SA PROYEKTO

[www.seattle.gov/transportation/rainieraves.htm](http://www.seattle.gov/transportation/rainieraves.htm)

James Le, Tagapangasiwa ng Proyekto

RainierAveS@Seattle.gov | (206) 684-3174

## MAPA NG PROYEKTO



### LEGEND

- Unang Bahagi (nakumpleto noong 2015)
- Ikalawang Bahagi (inaasahan sa fall 2018)
- ⋯ Ruta ng RapidRide Rainier sa Hinaharap (inaasahan sa 2021)